Sa lahat ng Magulang/Tagapag-alaga ng mga banyagang mag-aaral,　（タガログ語）

MALIGAYANG PAGDATING SA GAMAGORI

Ang mga paaralan dito sa Gamagori ay aktibo at walang pag-aalinlangang tumatanggap ng mga dayuhang mag-aaral

Sa bansang Hapon, **ang mga batang may edad mula 6 hanggang 15 na taon ay edad ng sapilitang edukasyon.**

Ang mga dayuhang estudyante na nais mag enroll sa **pampublikong paaralan, elementarya o junior high school ay tinatanggap sa parehong pamamaraan ng pagtanggap ng mga Hapon na mag-aaral.**

Bigyan natin sila ng edukasyon at pag-aralin natin sila, dahil ito ang pinakamahalagang panahon para sa magandang kinabukasan ng inyong anak.

Libre po o walang bayad ang tuition fee (matrikula), gayon din ang **mga textbook na ipapamahagi** sa mga pampublikong paaralan elementarya o junior high school.

PROSESO NG PAGLIPAT/PAG-ENROLL

1 Iparehistro ang pagtira/paglipat sa Gamagori sa Munisipyo, Citizen's Affair Division (1st floor)

Paki fill up ang mga sumusunod;

・「転入学通知書 Ten nyugaku tsuchisho」(Form ng pag-enroll at Form ng Paglipat ng estudyante)

・「日本語に対するアンケート Nihongo ni taisuru anketo」(Japanese Language Proficiency Questionnaire)

2 Pakikipagpanayam(Interview) sa BOE (Board of Education). (6th floor ng Munisipyo)

・ Ipapaliwanag sa inyo ang tungkol sa papasukan/paglilipatang paaralan.

・ Maari kayong kumunsulta sa amin kung paano ang mga paghahandang gagawin sa araw ng pag-enroll .

・ Bibigyan ng gabay ang mga bagong mag-aaral ukol sa pagsasanay sa Wikang Hapon, at Pisikal na Pagsusuri sa Tuberculosis.

6F「学校教育課 *Gakko Kyoiku Ka*」
Board of Education

3 Pagbisita sa Paaralan

・Bumisita sa paaralan at magpa-enroll.

Sa mga paaralan ng Gamagori, **may espesyal na programa para sa mga mag-aaral na hindi nakakaintindi ng Wikang Hapon**. Tuturuan sila alinsunod sa antas ng kanilang kaalaman sa pagsasalita at pagsusulat ng Wikang Hapon..

1 **Bawat paaralan ay may klase sa pag aaral ng Wikang Hapon**

※Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan sa inyong paaralan.

2 **Una, kailangang mag-aral muna sa Programa para sa mga baguhang estudyante “きぼう”（KIBOU） na(matatagpuan sa Shiotsu Junior High School)**

【Japanese Language Program for New Students “きぼう”（KIBOU）】

■Lugar：**Shiotsu Junior High School**
Gamagori-shi Takenoya-cho Uenoyama 2

■Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa
Munisipyo ng Gamagori
Board of Education, ０５３３－６６－１１６５

PAKIUSAP

Sa mga mag-aaral na galing sa bansang may mataas na lebel ng pagkalat ng Tuberculosis

Kinailangang sumailalim sila sa Pagsusuri ng Pisikal na Eksaminasyon sa tuberculosis **(Chest X-ray)** sa lungsod ng Gamagori. (Sa mga mag-aaral na nakatira sa mga bansang tinutukoy, ng mahigit sa kalahating taon, sa nakalipas na 3 taon)

Ang pagsusuri na ito ay ipinag-uutos, at ito ay walang bayad o libre. Ang mag-aaral na hindi sasailalim sa pagsusuring ito ay hindi tinatanggap at hindi pinapayagang pumasok sa paaralan.

■Petsa at Oras：Tuwing ikalawang Sabado ng Buwan 1:30 ng hapon.

■Lugar ：Gamagori-shi Hoken Center, 2nd floor
Ningen Dokku (Specific Physical Exam) Section

※ Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan sa Board of Education, o di kaya ay sa paaralan na inyong pag-enrolan.